

## ACTIVITY


A. Kumpletuhin ang crossword puzzle. Gamitin ang word bank upang masagutan ito.

### Pahalang:

3. dating hari ng Israel na may pagmamahal sa Diyos
5. bagay na ginawa ng batang hari para sa kanyang mga pinuno
7. hiningi ng bagong hari sa Diyos na ipagkaloob sa kanya

### Pababa:

1. isang batang hari na pumalit sa kanyang ama
2. lugar kung saan natulog at kinatagpo ng Diyos ang bagong hari
4. paraan kung paano kinatagpo at kinausap ng Diyos ang batang hari
6. naging tugon ng Diyos sa hiling ng hari



## Word Bank

Naghanda	Panaginip	Gibeon
Nagalak	Solomon	Karunungan
		David

B. Bilugan ang titik ng tamang sagot.

1. Sino ang nakipagusap kay Solomon sa pamamagitan ng panaginip?
  - a. anghel
  - b. ang amang si David
  - c. ang Diyos
  - d. isang propeta
2. Ano ang hiniling ni Solomon sa Diyos na ipagkaloob sa kanya?
  - a. Kayamanan at karangyaan
  - b. mahabang buhay
  - c. kamatayan para sa mga kaaway niya
  - d. karunungan upang mapamahalaan ang Kanyang bayan

3. Bakit nalugod ang Diyos sa hiling ni Solomon?
  - a. Dahil humingi si Solomon ng tulong para matalo ang kanyang mga kaaway.
  - b. Dahil humingi si Solomon ng karunungan upang pamahalaan ang mga tao nang makatarungan
  - c. Dahil humingi si Solomon ng kayamanan para makapagtayo ng isang magarang palasyo
  - d. Dahil humiling si Solomon ng mahaba at malusog na buhay
4. Ano ang matutuhan mong katangian ni Solomon ayon sa kanyang kahilingan?
  - a. Siya ay sakim sa kayamanan.
  - b. Siya ay mapagpakumbaba at ninanais na paglingkuran nang mabuti ang kanyang mga tao.
  - c. Natatakot siya sa kanyang mga kaaway.
  - d. Nais niyang mabuhay ng mahabang buhay.
5. Ayon sa kuwento, ano ang mahalagang aral na matututuhan mo sa kahilingan ni Solomon?
  - a. Mas mabuting humingi ng kayamanan kaysa sa karunungan.
  - b. Ang paghahanap ng karunungan at pang-unawa ay mas mahalaga kaysa sa paghingi ng materyal na mga bagay.
  - c. Mahalagang talunin muna ang iyong mga kalaban.
  - d. Dapat bigyang pagpapahalaga ang pagtatayo ng mga malalaking istruktura.

Sa kabila ng pagiging hari, kinilala ni Solomon ang kaniyang sariling mga limitasyon at kakulangan, kaya't humingi siya ng karunungan mula sa Diyos. Pinapakita dito na pinahahalagahan niya ang karunungan higit sa lahat. Ang mga batang tulad natin ay dapat na matutong makita ang ating sariling mga kahinaan at maging mapagkumbaba na humiling ng karunungan nagmumula sa Diyos sa halip na mga materyal na kayamanan at kapangyarihan, anuman ang ating katayuan sa buhay.



C. Basahin ang kwento at sagutin ang mga tanong.

Sa isang maliit na bayan, may isang matalinong batang nanggangalang Alex. Kilala si Alex sa kanyang mga mataas na grado, at tiwala siyang kaya niyang ipasa ang mga darating na pagsusulit kahit hindi mag-aral. Ginugol niya ang kanyang oras sa paglalaro ng video games at pakikipaglaro sa mga kaibigan, at pinabayaan ang kanyang pag-aaral.

Kinagabihan bago ang pagsusulit, nakaramdam ng kaba si Alex. Napagtanto niyang hindi siya nag-aral kahit kaunti, kaya't nagdasal siya, "Mahal na Diyos, alam kong hindi ako naghanda, pero sana tulungan mo akong makakuha ng mataas na marka bukas."

Kinabukasan, pumasok si Alex na puno pa rin ng kumpiyansa. Habang binabasa ang mga tanong, nablanko ang kanyang isip. Nahirapan siyang maalala ang mga sagot kaya nahirapan siya sa pagsusulit. Nang matapos ang oras, ibinigay ni Alex ang kanyang papel ng mabigat ang puso.

Ilang araw ang lumipas at inilabas na ang mga resulta. Labis na nalungkot si Alex nang makita niyang siya ay bumagsak. Nakaramdam siya ng kahihyan at pagkadismaya sa sarili. Napag-isip-isip niyang inasahan niya ang kanyang kakayahan at sa kabilang banda ay inasahan niya na tutulungan siya ng Diyos nang walang anumang pagsisikap.

Kinagabihan, kinausap ni Alex ang kanyang mga magulang at inamin ang lahat. Pinaalalahanan siya ng kanyang mga magulang na bagaman mahalaga ang pagdadasal at pananampalataya, kailangan itong samahan ng kasipagan at pag-ako sa responsibilidad.

"Alex," sabi ng kanyang ama, "Tinutulungan ng Diyos ang mga tumutulong sa kanilang sarili. Kailangan mong maging magsipag at gawin ang iyong bahagi."

Simula noon, mas ginamit ni Alex ang kanyang oras sa mga bagay na may pakinabang. Nag-aral siya nang mabuti at lagi siyang nagdadasal para maalala lahat ng kanyang pinag-aaralan. Nang dumating ang susunod na mga pagsusulit, handa na siya. Ang kanyang pagsisikap ay nagbunga at nakakuha siya ng mas mataas na marka kaysa dati.

Natuto si Alex na ang tunay na tagumpay ay nagmumula sa pagsasama ng sipag at pananampalataya. Hindi na siya muling umasa sa sariling kakayahan sa halip ay palaging naaalala niya na gawin ang kanyang bahagi, nagtitiwala na gagabayan siya ng Diyos sa kanyang gagawin.

Mga tanong:

1. Bakit pinili ni Alex na maglaro sa halip na mag-aral para sa pagsusulit?

---

2. Ano ang naging resulta ng hindi pag-aaral ni Alex?

---

3. Ano sa iyong palagay ang dahilan kung bakit hindi pa rin nakakuha ng mataas na marka si Alex bagamat nagdasal siya at humiling ng mataas na marka sa Diyos?

---

4. Ano ang nagin payo ng ama ni Alex sa kanya?

---

5. Paano mo maisasabuhay ang aral na natutunan ni Alex sa iyong sariling buhay?

---

Ang pagkabigo ni Alex ay nagpapakita na ang likas na talento at katalinuhan lamang ay hindi sapat upang magtagumpay. Ang patuloy na pagsisikap at pagsusumikap ay mahalaga upang makamit ang mga layunin. Habang nanalangin si Alex para sa matataas na marka, itinuro sa kanya ng kanyang karanasan na ang panalangin ay dapat na may kasamang pagsisikap. Dapat tandaan nating mga bata na mahalaga ang pananampalataya, ngunit dapat itong mag-udyok sa atin na gawin ang ating makakaya kalakip ang paghiling at paniniwala na tutulungan at gagabayan tayo ng Diyos.



D. Memory Verse

Ngunit kung ang sinuman sa inyo ay kulang sa karunungan, humingi siya sa Diyos at siya'y bibigyan, sapagkat ang Diyos ay nagbibigay nang sagana at hindi nanunumbat.

**Santiago 1:5**